

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG HULYO 31, 1995, 9:09 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis - Pagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos
Kagawad Ferdinand V. Talens
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Ramil O. Dimapilis
Kagawad Jesus S. Dela Cruz
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.
Kagawad Honesto O. Taytay
Kagawad Eduardo G. Villamin - ABC President

Hindi Nakadalo:

Kagawad Ramulfo C. Bernal
Kagawad Lorna F. Dimapilis - SK Chairman

KAPASYAHAN BLG. 009
Taong 1995

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. REGIONAL DIRECTOR, BUREAU OF FIRE PROTECTION, REGIONAL OFFICE 4, NG MODALIANG PAGPAPALABAS NG PONDO PARA SA PAGSASAAYOS NG TRAK NA PAMATAY-SUNOG NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T, ang pangangalaga sa buhay at ari-arian ng mga mamamayan ay isa sa mga tungkulin at gawain ng mga namumuno ng pamahalaan at ng mga ahensyang itinalaga sa gawaing ito sa pakikipagtulungan na rin ng sambayanan;

SAPAGKA'T, ang bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay nabiyayaan ng isang trak na pamatay-sunog upang maging malaking katulungan sa oras ng pangangailangan;

SAPAGKA'T, sa ilang mga pagkakataon ng sunog, ang nasabing fire truck ay hindi gaano at kaagad-agad na nakagampan na gawain dahil sa ilang kasiraan at di-kaayusan ng mga kagamitan nito nang idating at tanggapin sa pamahalaang lokal;

SAPAGKA'T, napag-alamang ang nasabing tanggapang lokal ng Bureau of Fire Protection ay nakapagpadala na ng kahilingan sa punong tanggapan nito sa Bureau of Fire Protection Regional Office 4 upang mabigyan ng kaukulang pondo at magamit nang lubusan at maayos ang trak na pamatay-sunog na ito;

SAPAGKA'T, muling napagkaisahan ng Sangguniang Bayan ito na pasundan ang kahilingang ito ng Tanggapan ng Bureau of Fire Protection ng Roxas at ang naumang resolusyon para rito upang mapitagang hilingin sa Bureau of Fire Protection Regional Office 4 na sana'y mabigyan ng kaukulang pansin at ng aksyon ang pakiusap na ito.

eeh
Duff

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Eduardo G. Villamin na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na hilingin sa Kgg. na Direktor, Bureau of Fire Protection Regional Office 4 ang madaliang pagpapalabas ng pondo para sa pagsasaayos ng trak na pamatay-sunog ng Roxas, Silangang Mindoro, para na rin sa kapakinabangan at kapayapaang mga mamamayan ng Roxas.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Kgg. na Direktor, Bureau of Fire Protection Regional Office 4, Barangay Real, Calamba, Laguna para sa kanilang maagap na pagtugon sa kahilingang ito.

IPINASYA PA RIN na ~~padalhan~~ ng sipi ang Bureau of Fire Protection Office, Provincial Office, Calapan, Silangang Mindoro at ang Bureau of Fire Protection, Roxas, Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman at sanggunian.


Pinagtibay ng lahat.

Hulyo 31, 1995


CERTIFIED CORRECT:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sangguniang
Bayan

ATTESTED:


JESUS M. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan

APPROVED:


GELACIO I. YASON
Punong Bayan